# Mangyaring Mag-ingat sa mga Sakuna sa Bundok

## Alam mo ba kung ano ang dapat gawin kung sakaling magkaroon ng sakuna sa bundok?

**Sa Hapon, ang malakas na pag-ulan ay maaaring magdulot ng pagguho ng mga bundok at pag-agos ng putik at mga bato patungo sa mga kabahayan at kalsada.**



Abril 2017　Umagos na putik at bato sa kalsada
（Lokasyon: Lungsod ng Shimoda）



Oktubre 2014　Ang bundok ay gumuho dahil sa bagyo
（Lokasyon: Lungsod ng Shizuoka）



Setyembre 2010　Dumaloy ang putik at mga bato sanhi ng bagyo（Lokasyon: Bayan ng Oyama）

Shizuoka-ken Keizai Sangyou-bu Shinrin・ringyou-kyoku Shinrin Hozen-ka

静岡県　経済産業部　森林・林業局　森林保全課

Dibisyon ng Proteksyon ng Gubat, Departamento ng Ekonomiya at Industriya, Lalawigan ng Shizuoka

ふじのくに
森林の都
しずおか

# Mayroon Bang Mapanganib na Lugar sa Paligid Mo?

Ang mga lugar kung saan ang mga kabahayan at kalsada ay malapit sa panganib ng pagguho ng bundok ay tinatawag na "山地災害危険地区"(Sanchi saigai kiken chiku) ".

Ang"山地災害危険地区" ay nahahati sa "①山腹崩壊危険地区", "②崩壊土砂流出危険地区", at "③地すべり危険地区".



## Sanpuku houkai kiken chiku
## ① 山腹崩壊危険地区

Isang lugar kung saan ang mga kabahayan at kalsada sa paanan ng bundok ay malalagay sa panganib kapag gumuho ang bundok.

- Minsan nahuhulog ang malalaking bato.
- Ang bundok ay gumuho noong nakaraan at ang lupa dito ay nabitak.
- Matarik ang bundok at hindi matatag ang lupa.
- Kapag umulan, ang tubig ulan ay naiipon sa isang lugar.



## Houkai dosha ryushutsu kiken chiku
## ② 崩壊土砂流出危険地区

Isang lugar kung saan malalagay sa panganib ang mga kabahayan at kalsada sa paanan ng bundok dulot ng pag-agos ng lupa at bato kasabay ng tubig ulan.

- May nakaraang pangyayari na dumaloy ang lupa at buhangin sa lugar.
- Ang ilog ay biglang napupuno ng malalaking bato, lupa at buhangin.
- Ang lupa sa tuktok ng bundok na malapit sa ilog ay gumuho.



## Jisuberi kiken chiku
## ③ 地すべり危険地区

Isang lugar kung saan maaaring maganap ang pagguho ng lupa at malalagay sa panganib ang mga kabahayan at kalsada sa paanan ng bundok.

- May naganap na pagguho ng lupa noong nakaraan at paunti-unting gumagalaw ito sa kasalukuyan..
- Ang bundok ay nabibitak at gumagalaw ang lupa.
- Maraming tubig ang bumubukal sa bundok.

# Alam mo ba ang 8 impormasyon na nagpapabatid ng panganib ng isang sakuna?

## Bago ang sakuna sa bundok, ang bundok ay kakaiba kaysa dati. Mayroong walong pagkakaiba.

### 1 Ang ilog ay naging kulay tsokolate

Kulay tsokolate ang ilog at dumadaloy ang mga sanga ng puno.

### 2 Mababa ang tubig sa ilog

Mababa ang tubig sa ilog kahit umulan.

Maaaring gumuho ang bundok at maipon ang tubig.

### 3 May bitak ang bundok

Ang mga puno sa bundok ay nakatagilig at may bitak sa bundok.

Maaaring maganap ang pagguho ng bundok.

### 4 Nahuhulog ang mga bato

Nahuhulog ang mga bato mula sa tuktok ng bundok.

Maaaring maganap ang pagguho ng bundok.

### 5 Walang tubig na dumadaloy mula sa bundok

Huminto ang pagdaloy ng tubig mula sa bundok.

Maaaring maganap ang pagguho ng lupa.

### 6 Maraming tubig ang dumadaloy mula sa bundok

Ang dami ng tubig na nagmumula sa bundok ay biglang tumaas.

Maaaring maganap ang pagguho ng lupa.

### 7 Ang tubig sa balon ay kulay tsokolate

Ang inuming tubig ay nagiging kulay tsokolate.

Ang kalapit na bundok ng ilog ay maaaring gumuho.

### 8 May tunog na nagmumula sa lupa

May naririnig na mahinang tunog na nanggagaling sa lupa.

Maaaring gumuho ang bundok.

Kumpirmahin ang mga lugar kung saan maaaring mangyari ang sakuna sa bundok at lugar kung saan dapat lumikas kasama ang pamilya at mga kapitbahay.

Kung ang bundok ay kakaiba kaysa sa dati

### Lumikas kaagad!

Agad-agad na magtungo sa lugar na paglilikasan.

### Mapanganib !

Lumayo sa mga lugar kung saan posibleng maganap ang sakuna.

Sanchi saigai kiken chiku

## Maaaring suriin ang “ 山地災害危険地区” mula sa website

I-type ang ”https://www.gis.pref.shizuoka.jp/?mp=11007 ” o ”静岡県GIS” (shizuokaken) sa browser ng internet.





Mga uri ng sanchi saigai kiken chiku “山地災害危険地区”

# Pangalagaan ang sarili sa pamamagitan ng “治山事業”

Chisan Jigyou
治山事業：Maglagay ng maliliit na dam at magtanim ng mga puno upang maibalik ang nasirang bundok at kagubatan.

●Ang sakuna sa bundok ay maaaring mangyari.

●Ang sakuna sa bundok ay nangyari na.

Tumawag sa iyong lokal na tanggapan ng lalawigan o sa city hall.

Ang mga opisyal ng lalawigan at lungsod ay magsisiyasat sa bundok.

Chisan jigyou
Isasagawa namin ang “治山事業”

## Kung sakaling magkaroon ng sakuna sa bundok, aayusin namin agad ang bundok.





Sanpukukou
**Ang “山腹工" ay nag-aayos ng mga nasirang bundok.**

Sanpukukou
**山腹工： Isasagawa ang pagsasaayos ng nasirang bundok**

## Pangalagaan ang mga bahay at kalsada mula sa mga sakuna sa bundok

Gawing banayad ang mga dalisdis ng ilog at pigilan ang pagdaloy ng lupa.





Tanidomekou
**“谷止工” ay pumipigil sa naanod na mga puno.**

Tanidomekou
**谷止工： Gumagawa ng maliit na dam.**

●Telepono ng mga tanggapan ng pamahallang panlalawigan

| | |
|---|---|
| Shizuoka-ken Keizai Sangyou-bu Shinrin・ringyou-kyoku Shinrin Hozen-ka<br>静岡県　経済産業部　森林・林業局　森林保全課 | 054-221-2648 |
| Kamo Nourin Jimusho Chisan-ka<br>賀茂農林事務所　治山課 | 0558-24-2084 |
| Toubu Nourin Jimusho Chisan-ka<br>東部農林事務所　治山課 | 055-920-2172 |
| Fuji Nourin Jimusho　Shinrin Seibi-ka<br>富士農林事務所　森林整備課 | 0545-65-2202 |
| Chubu Nourin Jimusho Chisan-ka<br>中部農林事務所　治山課 | 054-286-9077 |
| Shida Haibara Nourin Jimusho Chisan-ka<br>志太榛原農林事務所　治山課 | 054-644-9245 |
| Chuuen Nourin Jimusho Chisan-ka<br>中遠農林事務所　治山課 | 0538-37-2303 |
| Seibu Nourin Jimusho　Shinrin Seibi-ka<br>西部農林事務所　森林整備課 | 053-458-7235 |
| Seibu Nourin Jimushi　Tenryu Nourin-kyoku<br>西部農林事務所　天竜農林局<br>Chisan-ka<br>治山課 | 053-926-2337 |